

Mga gabay at proseso sa pagsusuri ng mga kontrata na napagkasunduan sa pamamagitan ng alternatibang pamaraan ng pagkuha/paghanap (Seksyon 4 ng EO 109-A) na nagkakahalagang PhP 300 Milyon at pataas.

Kung saan ang pinuno/panguluhan ng ahensiyang naghahanap ay gumawa ng kapasyahan na ang kontrata ng gobyerno, kasama ng mga kontratang gobyerno na ayon sa batas ay kailangang aksyunan o pagpasiyahan ng Pangulo, na nagkakahalaga ng tatlong daang milyon piso (P300 M) na nabibilang sa mga “exceptions” ng “public bidding” na inilalahad sa Seksyon 3 ng EO 109-A, ang pinuno/panguluhan ng ahensiya ay, bago magpatuloy sa paggamit ng alternatibang pamaraan ng pagkuha/paghanap na nakasaad sa batas at mga alituntunin at regulasyon, ay kailangan munang humingi ng opinyon mula sa Kagawaran/Departamento ng Hustisya o Department of Justice (DOJ) na ang nasabing kontrata ng gobyerno ay napapaloob sa mga “exceptions from public bidding”. Ang kahilingang opinyon ay kailangang nagsasaad ng maikling deskripyon ng kontrata at sinasaad ang partikular na probisyon ng batas na gustong gamiting batayan para sa “exception” sa “public bidding”.

Sa paghiling ng opinyon, ang mga sumusunod na dokumento ay kailangan:

- a. Katibayan mula sa pinuno/panguluhan ng ahensiya na nagsasaad kung bakit kailangan gamitin ang alternatibang pamamaraan ng pagkuha/paghanap sa pamamagitan ng pagsasaad kung aling partikular na probisyon ng batas, mga alituntunin at regulasyon ang naaayon sa mga pagkakataon;
- b. Rekomendasyon mula sa “Bids and Awards” Komite o “BAC” ng naturang kagawaran/departamento tungkol sa paggamit ng alternatibang pamamaraan ng pagkuha/paghanap, kung saan ito naaangkop;
- c. Mga ibang pertinenteng dokumento na nagpapatunay na ang gagamiting pamamaraan ay “excepted” sa “public bidding”; at
- d. Iba pang dokumento o inpormasyon na maaaring hilingin ng DOJ.

Pagkatanggap ng nasabing kahilingan/hiling, kasama ng lahat ng mga naturang dokumento, ang DOJ ay kailangang magbigay ng kanyang opinyon kung ang nasabing kontrata ay napapaloob sa “exceptions” sa “public bidding”, at ipadala ito sa naturang ahensiya, at bigyan ng kopya ang NEDA “Secretariat”, sa pamamagitan ng opisina/tanggapan ng Director-General. Pagkatanggap ng paborableng opinyon mula sa DOJ, ang naturang ahensiya ay dapat magpadala ng kopya ng opinion sa “NEDA Secretariat”, sa pamamagitan ng opisina/tanggapan ng Director-General, kalakip ang mga dukumentong nabanggit sa taas, kasama na rin ang kahilingan/hiling na magpatuloy sa iminumungkahing alternatibang pamamaraan ng pagkuha/paghanap.

Matapos matanggap ang paborableng opinyon ng DOJ at ang kompletong mga kailangang dokumento mula sa naturang ahensiya, ipapaalam ng “NEDA Secretariat” sa naturang ahensiya ang kanyang rekomendasyon sa lalong madaling panahon.